



## Mga Bagong Regulasyon para sa mga Leaf Blower

Upang makatulong sa pagbawas ng polusyong ingay sa Saratoga, ang Konseho ng Lungsod ay nagpasa ng mga bagong regulasyon para sa mga leaf blower na magiging epektibo sa Oktubre 1, 2019.

### Mga Bagong Regulasyon

- Ang mga leaf blower na ginagamit sa Saratoga ay dapat na maging sertipikado ng nagmamanupaktura na naglalabas ng hindi hihigit sa 65 decibel sa distansyang 50 feet.
- Maraming makukuhang pangkomersyal na mga leaf blower na tumutugon sa mga pamantayang ito ang may sticker na American National Standards Institute (ANSI) B175.2 (nasa larawan). Ang tatak at/o impormasyon sa produkto ng nagmamanupaktura ay gagamitin para maberipika ang pagsunod sa pamantayan.
- Ang mga may-ari ng tirahan ay may pananagutan sa pagsisiguro ng pagsunod sa pamantayan sa kanilang ari-arian, sinuman ang gumagamit ng leaf blower, at maaaring mapailalim sa mga parusa o multa para sa mga paglabag.



### Mga Madalas na Itanong

#### Anong leaf blower ang dapat kong bilhin?

Maraming nagmamanupaktura ang gumagawa ng mga leaf blower na sumusunod sa mga panuntunang ito, at maraming pamilihan sa pagpapaganda ng tirahan (home improvement stores) at mga garden center sa lugar ang makakatulong sa iyong makahanap nito. Kapag pumipili, dapat mo ring isaalang-alang ang laki ng lote, mga opsyong cordless o mairer-charge, at kung ito ay gamit na pang-propesyonal o pang-tahanan.

#### Kailan ko kailangang magkaroon ng leaf blower na nakasunod sa pamantayan?

Sa Oktubre 1, 2019, ang mga regulasyong ito ay magiging epektibo at kakailanganin mong gumamit ng blower sa sumusunod sa pamantayan.

#### Kailan ko maaaring gamitin ang aking leaf blower?

Simula Oktubre 1, 2019, ang lahat ng leaf blower ay maaaring magamit mula Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5 p.m. at tuwing Sabado sa pagitan ng 10:00 a.m. at 5 p.m. Hindi maaaring gamitin ang mga leaf blower sa mga araw ng Linggo.

#### Saan maiaangkop ang mga patakarang ito?

Ang mga regulasyong ito ay magagamit lamang sa mga leaf blower na ginagamit sa Saratoga.

#### Ano ang mangyayari kung gagamit ako ng leaf blower na hindi nakasunod sa pamantayan?

Kung ang paglabag ay mabeberipika ng staff ng Lungsod, isang abiso ang ipapadala sa may-ari ng ari-arian at/o kompanya ng landscaping. Kung mabeberipika ang mga karagdagang paglabag sa parehong lugar, ang may-ari ng ari-arian ay maaaring makatanggap ng pagsita (citation).

#### Kanino ako maaaring makipag-ugnay kung mayroon akong mga karagdagang katanungan?

Maaari kang makipag-ugnay sa City of Saratoga Code Compliance (Kodigo ng Pagsunod ng Lungsod ng Saratoga) sa pamamagitan ng pag-email sa [enforcement@saratoga.ca.us](mailto:enforcement@saratoga.ca.us) o pagtawag sa 408.868.1214